



Plan for the future: Decisions about your medical treatment

Magplano para sa hinaharap

Mga desisyon tungkol sa iyong medikal na paggamot



Kung hindi ka makapagdesisyon sa medikal na paggamot dahil ikaw ay malubhang maysakit, sasabihin ng batas kung sino ang maaaring gumawa ng desisyong ito para sa iyo. Halimbawa, kung ikaw ay walang malay o lubhang tuliro dahil sa iyong karamdaman.

Kung hindi ka makagawa ng desisyon ukol sa medikal na paggamot, tatanungin ng iyong doktor, sa ganitong pagkakasunud-sunod, ang iyong:

1. asawang lalaki, asawang babae o partner
2. tagapag-alaga (ang taong nag-aalaga sa iyo), ngunit ito ay hindi maaaring isang taong binayaran upang gawin ito bilang hanap-buhay
3. nasa hustong gulang na anak (ang pinakamatanda muna)
4. magulang
5. kapatid na babae o kapatid na lalaki (ang pinakamatanda muna).

Maaaring gusto mo na iba ang gagawa ng mga desisyon sa medikal na paggamot para sa iyo.

Halimbawa, isang kaibigan, o ang iyong pinakabunsong anak na nasa hustong gulang.



Upang makapili ng ibang tao, dapat mong:

- punan ang isang natatanging form
- sundin ang mga tagubilin sa form tungkol sa paraan ng iyong paglagda.

Kung susundin mo nang tama ang mga hakbang na ito, makakagawa ka ng legal na dokumento.

Paano dapat gumawa ng desisyon para sa iyo ang isang tao?

Ang taong gagawa ng mga desisyon para sa iyo ay dapat gumawa ng desisyon na sa palagay nila ay gusto mo. Upang matulungan siya, dapat kang makipag-usap sa kaniya tungkol sa kung ano ang mahalaga sa iyo.

Maaari mo ring punan ang isa pang form kung saan maaari mong isulat kung ano ang mahalaga sa iyo sa iyong buhay. Ito ay tinatawag na 'advance care directive' (maagang tagubilin sa pag-aalaga).

Sa form na ito ay maaari ka ring gumawa ng mga desisyon sa ngayon para sa hinaharap. Halimbawa, kung ikaw ay may malubhang karamdaman, maaaring alam mo na kung anong medikal na paggamot ang gusto mo o ayaw mo sa hinaharap.

Ano ang mangyayari kung wala kang pamilya?

Kung wala kang pamilya, maaaring hilingin sa Public Advocate (Pampublikong Tagapagtaguyod) ng Victoria na gawin ang desisyon sa medikal na paggamot para sa iyo kung hindi mo ito magagawa.

Susubukan ng Public Advocate na gawin ang desisyon na nais mo.

Saan makikita ang mga form

Hanapin ang mga form na kailangan mo sa librito ng Office of the Public Advocate (Tanggapan ng Pampublikong Tagapagtaguyod) na tinatawag na 'Take Control' (Gawin ang Pamamahala) sa website ng OPA. **www.publicadvocate.vic.gov.au**

Ang form ay libre.



Para mapili kung sino ang maaaring gumawa ng mga desisyon sa medikal na paggamot para sa iyo kung hindi mo kaya, punan ang:

- Form ng 'appointment of medical treatment decision maker' (paghirang ng tagapagpasya sa medikal na paggamot).

Para maisulat kung ano ang mahalaga para sa iyo sa iyong buhay o upang gumawa ng mga medikal na desisyon sa ngayon para sa hinaharap, punan ang:

- form na 'advance care directive'.

Sinasabi ng batas na maaari mo lamang sagutan ang mga form na ito kung nauunawaan mo ang ginagawa mo.



Hindi ka dapat pilitin ninuman na gawin ito.

Ito ay sarili mong pasya.



Kung mayroon kang anumang mga tanong

Ikaw, o ang iyong kamag-anak o kaibigan, ay maaaring tumawag sa OPA para sa payo sa 1300 309 337.



Maaari kang humiling ng serbisyo ng isang interpreter sa telepono.